BABAE, IKAW AY MAHALAGA

Isa akong relocatee na nanggaling sa railroadside ng Brgy. Banay-Banay, Cabuyao City, Laguna. Pinalad na malipat sa Southville 1, Brgy. Marinig, Cabuyao City. Mahirap ang buhay, kung kaya't ang pagbabayad sa pabahay ay hindi ganun kadali. Ngunit nagsumikap na makapagbayad at mapasama sa may titulo.

Sa pakikipagkoordinasyon sa isang institusyon, ang Adamson University, at sa patnubay ng Panginoon, nagkaraoon ang NHA ng isang programa na nagbigay pagkakataon sa mga taga-Southville 1 na mabuhay ang kanilang mga naantalang pangarap. Katulad ko na minsan nang nangarap na maging isang guro.

Taong 2007 nagsimula ang Adamson University-Integrated Community and Extension Services (ICES) sa aming lugar. Sa isang saglip naranasan kong maging isang tunay na guro mula sa pagiging volunteer teacher.

Labing isang taon na ang Hope Early Child Learning Center sa Southville 1 na naitayo sa pakikipagtulungan ng mag guro. Nagsimula sa simpleng bahay ng mga guro. Umabot na sa 11 na guro nito mula sa iba't ibang lugar tulad ng Cabuyao, Bulacan, Aklan at Romblon. Sila'y mga committed na pre-school teacher. May magagandang kuwento. Di alintana ang hirap at pagod sa personal na buhay.

Katulad ng ilang guro namin na binubugbog ng kanilang asawa at ipinapahiya sa tuwing nalalasing. Ngunit nang maging guro ay nalasap ang respeto at pagmamahal na dati ay dinadasal at pinapangarap lamang.

Masasabi ko na ang serbisyo ng isang tao ay hindi nasusukat kung gaano at magkano ang kita mo. Bagkus ay kung ano ang mahalagang maiiwan mo sa mundo. Ito ay ang "may pusong paglilingkod sa kapwa Pilipino at sa ibang tao".

BETH NOVILLA